



Alam ba ninyo?

Ang 9 sa 10 kababaihang may diyagnosis ng kanser sa suso ay walang kasaysayan ng ganitong sakit sa kanilang pamilya.

Ang mga mammogram (x-ray sa suso) ay nakakatuklas sa kanser bago mo pa ito makita o madama ng iyong doktor. **Halos lahat ng mga kanser sa suso na natuklasan sa maagang yugto ay matagumpay na nagagamot.**

Ang mga pagpapa-mammogram sa BreastScreen NSW ay libre at ginagawa ng mga **babaeng radiographer**.

May libre at makukuhang mga interpreter para matulungan ang mga kababaihan sa pagsagawa ng appointment sa pagpapa-screen ng suso.

Makapagsasa-ayos ng mga pagpapa-appointment ng grupo at makapag-oorganisa ng mga libreng interpreter para magpunta sa mga appointment ng grupo.

Hindi mo kailangan ang pagpapasangguni ng iyong doktor subali't hinihikayat ka na magdala ng mga detalye ng iyong doktor sa iyong appointment.

Tumawag, magpalista at ma-x-ray



13 20 50

Tungkol sa BreastScreen NSW

Ang BreastScreen NSW ay isang programa ng libreng pagpapa-screen ng suso na may mahigit na 150 na mga lugar sa NSW. Pinondohan ang programa ng pamahalaang Australyano mula pa noong 1991 na ang pakay ay mabawasan ang mga pagkamatay dahil sa kanser sa suso sa pamamagitan ng pagtuklas nito habang maaga pa.

Ang programa ay natatanging **inirekomenda sa mga kababaihang nasa edad na 50 hanggang 74 na taong gulang**. Subali't, ang lahat ng mga kababaihang higit pa sa edad na 40 ay karapatdapat para sa pagpapa-screen sa pamamagitan ng programa.

Tawagan kami

Para makagawa ng isang appointment sa lugar na malapit sa iyo:
13 20 50

Para madagdagan pa ang kaalaman
breastscreen.nsw.gov.au

Para sa tulong ng isang interpreter
13 14 50



facebook.com/BreastScreenNSW

Mahalaga ang maagang pagtuklas ng kanser sa suso

Para sa mga kababaihang nasa edad 50 hanggang 74 na taong gulang

Ano ang mammogram?

Ang mammogram ay isang pag-x-ray sa mga suso ng isang babae. Ang mga mammogram ng BreastScreen NSW ay para sa mga kababaihan walang napunang mga sintomas o mga pagbabago sa kanilang mga suso.

Dapat ba akong magpa-mammogram?

Oo. Kung ikaw ay may edad na pagitan ng 50 at 74 na taong gulang, ang pagpapa-x-ray tuwing 2 taon ang pinakamabisang paraan para malaman ng maaga kung may kanser sa suso, na kung saan mas magiging matagumpay ang paggagamot.

Ang kanser sa suso ay makakaapekto sa sinumang babae maging saan mang bansa isinilang o alinmang wika ang sinasalita. Ang 1 sa bawat 8 na mga kababaihan sa NSW ay madidiyagnosis na may kanser sa suso sa kahabaan ng kanilang buhay, ang karamihan sa kanila ay nasa edad na mahigit sa 50 taong gulang.

Anong mangyayari sa pagpapa-mammogram?

Ang iyong appointment ay tinatayang magtatagal ng mga **20 minuto**. Ang isang kaibigan o kamiyembro ng pamilya ay malugod na tatanggaping kasama mo sa pagpunta sa klinika. Magpapadala kami ng mga porma sa iyo para sagutan mo at dalhin sa iyong appointment. Kung sa tingin mo ay mahirap ito para sa iyo, makakatulong sa iyo ang aming kawani.

Ang **babaing radiographer (taga-x-ray) ang sasama sa iyo sa pribadong kwarto ng pang-x-ray** kung saan maaari mong hubarin ang iyong damit pang-itaas at bra. Sa pagma-mammogram, ang radiographer ay kukuha ng hindi bababa sa dalawang mga x-ray ng bawat suso. Ang iyong suso ay nakadiin habang kinukuha ang imahe sa x-ray. Itong pagkadiin ng suso ay maaaring hindi komportable, ngunit ito ay sa **napakaikling sandali lamang (mga 10 segundo)**. Ang x-ray ay magagawa kahit gaano pa kalaki ang suso.

Kung makaramdam ka ng hindi pagkakomportable, sabihin sa taga-x-ray(radiographer). Maaari mong ipatigil ang mammogram sa anumang oras.



Makapagpapa-mammogram ba ako kung mas bata pa ako sa 50 o mas matanda pa sa 74?

Ang lahat ng mga kababaihan nasa edad 40 at mahigit pa ay makakatawag sa BreastScreen NSW para sa isang libreng pagpapa-mammogram.

Ang BreastScreen NSW mammogram ay hindi maibibigay sa mga kababaihan mababa pa sa edad 40. Ang pag-screen sa suso ay hindi kasing epektibo sa mga mas batang edad na kababaihan dahil sa mas makapal ang himaymay sa kanilang suso kaya lalong mahirap makita ang maliliit na mga kanser sa isang pag-mammogram.

Gaano kaligtas ang isang mammogram?

Gaya ng anumang x-ray, may mahinang timpla ng radyasyon(radiation) ang kailangan sa pagkuha ng isang mammogram. Ipinapakita sa pananaliksik na **ang mga benepisyo sa pagpapa-mammogram para hanapin ang kanser sa suso nang maaga ay mas matimbang kaysa sa anumang posibleng mga peligro na manggagaling sa radiation.**

Ano ang mga limitasyon ng isang mammogram?

Ang mammogram ang pinakamabisang paraan sa maagang pagtuklas ng kanser sa suso. **Kung mas maagang makita ang kanser sa suso, mas**

mahusay ang pagkakataon ng isang babae sa matagumpay na pagkakagamot at paggaling. Ngunit kagaya ng iba pang mga pagsusuri, ang mammogram ay hindi 100% tiyak na tama.

- May kaunting grupo ng mga kababaihan na nagpa-mammogram ang nangangailangan ng dagdag pang mga pagsusuri bago pa maibibigay ang pinal na resulta. **Ang 9 sa bawat 10 na kababaihan hiniling na bumalik para sa dagdag na mga pagsusuri ay walang kanser sa suso.**
- May maliit na posibilidad na ang pagpapa-mammogram ay lumalabas na normal kahit na talagang mayroong kanser sa suso. Ngunit, ito ay napakabihirang mangyari. **Wala pang 1 sa loob ng 1000 kababaihan ang makikitaang mayroong kanser sa suso sa kasunod na taon matapos ang kanilang pagpapa-mammogram.**
- **Halos ang lahat ng kanser sa suso na natagpuan sa pamamagitan ng BreastScreen NSW ay lumalaki at nakakamatay kapag hindi ginamot.** Ngunit, may ilang mga kanser sa suso na natuklasan at ginamot na hindi naging peligro sa buhay. Sa ngayon, hindi posibleng masasabi ng tiyakan kung anong mga kanser sa suso ang nakakapeligro sa buhay at alin ang hindi.

Maging may kamalayan sa suso sa pagitan ng mga appointment

1. **Maging alam ang tungkol sa iyong mga suso** at alamin kung ano ang normal para sa iyo. Tingnan sa salamin ang iyong mga suso at damahin ang mga ito nang malimit.
2. **Kung may napansin kang anumang mga pagbabago** sa iyong mga suso (hal. mga bukol, may lumalabas sa utong o makulit na bagong pananakit sa suso) magpatingin kaagad sa iyong doktor.